Pag-asikaso sa mga dayuhang nasyonal na nagbabalak pumasok sa Japan

Hunyo 26, 2020
(Binago noong Hulyo 5, 2021)
Immigration Services Agency of Japan

1. Mga dayuhang nasyonal na inisyuhan ng Certificate of Eligibility o mga dayuhang nasyonal na nag-aapply para sa Certificate of Eligibility

[1] Mga dayuhang nasyonal na inisyuhan ng Certificate of Eligibility

Karaniwang ito ay may bisa ng tatlong buwan, ngunit bilang isang espesyal na kaso, ito ay pangangasiwaan tulad ng sumusunod.

○ Ang mga Certificate of Eligibility na inisyu mula Enero 1, 2020 hanggang Hulyo 31, 2021 ay ituturing bilang may bisa hanggang Enero 31, 2022.

○ Ang mga Certificate of Eligibility na inisyu mula Agosto 1, 2021 hanggang Enero 31, 2022 ay ituturing bilang may bisa sa loob ng anim na buwan mula sa petsa ng pag-isyu.

*Ang Certificate of Eligibility ay isang dokumento upang patunayan na sapat na natutugunan ang mga kondisyon upang makapasok sa bansa noong panahon ng pag-isyu nito. Ang labis na pagpapahaba ng period of validity ng nasabing dokumento ay maaaring makadagdag sa posibilidad ng pagbabago sa sitwasyon sa pagitan ng panahon ng pagpasok sa bansa at sa panahon ng pag-isyu ng Certificate of Eligibility. Samakatuwid, ang period of validity ng Certificate of Eligibility ay hindi na maaaring pahabain nang higit sa bawat panahong nakasaad sa itaas. Gayunpaman, para sa mga aplikasyon para sa mga Certificate of Eligibility mula Hulyo 31, 2022 at bago ng petsang itinakda ng Immigration Services Agency of Japan na walang pagbabago mula sa nakaraang aplikasyon, isang bagong Certificate of Eligibility ang madaliang iisyu, bilang panuntunan, sa pagsumite ng aplikante ng (1) dating inisyu na Certificate of Eligibility (orihinal o kopya) at (2) pahayag na dahilang ginawa ng tumatanggap na organisasyon, atbp. Tumingin **dito** para sa mga detalye.

[2] Mga dayuhang nasyonal na nag-apply para sa Certificate of Eligibility

Kapag napagpasyahang baguhin ang araw ng simula ng aktibidad para sa aplikasyong kasalukuyang pinoproseso, bilang pangkalahatang panuntunan, tanging ang pahayag na dahilang ginawa ng tumatanggap na organisasyon lamang ang gagamitin para sa pagsusuri.

2. Mga dayuhang nasyonal na umalis ng Japan na may re-entry permission habang pinoproseso ang aplikasyon para residence

Kung ang isang dayuhang nasyonal na umalis ng Japan na may re-entry permission (kabilang na ang special re-entry permission) ay nagsumite ng aplikasyon para sa permisong baguhin ang status of residence, ng aplikasyon para sa permisong i-renew ang period of stay, o ng aplikasyon para sa permanent residence bago umalis ng Japan, at hindi makabalik ng Japan dahil sa epekto ng novel coronavirus (COVID-19), ang kamag-anak sa Japan o empleyado mula sa tumatanggap na organisasyon ay papayagang tanggapin ang residence card kaugnay sa pahintulot sa aplikasyon bilang proxy, at ang aplikanteng nasa labas ng Japan ay maaaring mag-apply para sa landing gamit ang re-entry permission.

3. Mga dayuhang nasyonal na nag-expire na ang kanilang period of stay habang nasa labas ng Japan ngunit may re-entry permission atbp.

[1] Mga dayuhang nasyonal na hindi naaangkop sa pag-iisyu ng Certificate of Eligibility (“Permanent Resident”, at iba pa)

Mangyaring mag-apply para sa visa sa misyong diplomatiko kung saan ikaw ay kasalukuyang nananatili.

*Mangyaring tumingin **dito** para sa mga detalye hinggil sa mga “Permanent Resident”.

*Mangyaring tumingin **dito** para sa mga detalye hinggil sa mga “Long-term Resident (hindi sakop ng abiso)” at “Designated Activities (hindi sakop ng abiso)”.

[2] Mga dayuhang nasyonal na naaangkop sa pag-iisyu ng Certificate of Eligibility (Student, Technical Intern Trainee, teknolohiya, humanities, internasyonal na trabaho, at iba pa.)

Kung ang isang dayuhang nasyonal na naninirahan sa Japan bilang mid to long-term resident (Student, Technical Intern, at iba pa), ay umalis ng Japan na may re-entry permission ngunit hindi makabalik dahil sa epekto ng novel coronavirus (COVID-19) at nag-expire na ang kanilang period of stay, bilang pangkalahatang panuntunan, tanging application form at pahayag na dahilang ginawa ng tumatanggap na organisasyon lamang ang gagamitin para sa pagsusuri kung sila ay mag-aapply muli para sa Cetrificate of Eligibility.

*Tumingin **dito** para sa mga detalye.

[3] Mga dayuhang nasyonal na nanatili sa pamamagitan ng “Highly Professional **No.1**”

Sa pamamagitan ng [2], mangyaring mag-aply ng Certificate of Eligibility ayon sa dating aktibidad. (Bagamat bibigyan kayo ng Visa na “Highly Professional No.1”, makakapagproseso para muling makapasok sa Japan na may “Highly Profession No.2” sa paliparan sa oras ng pagpasok.)